初期日本語集中教室　　（フィリピン語翻訳）［保護者用］

Komite ng Edukasyon sa Lungsod ng Nagoya

Para sa mga Batang Mag-aaral na Pumapasok sa Panglungsod na Paaralan sa Nagoya

「Silid-aralan Para sa Pauna at Intensibong Pag-aaral ng Wikang Hapones」

- ○ **Ito ay silid-aralan para sa panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw ng pananalita/pag-uusap at iba pa).**
- ○ **Pag-aaralan din ang tungkol sa pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan sa pagkaklase at iba pa).**
- ○ **Ang klase sa pag-aaral ng Wikang Hapones ay sa umaga lamang. Sa hapon, ang mga mag-aaral ay babalik sa kani-kanilang pinapasukang paaralan upang mag-aral.**
- ○ **Libre o walang bayad sa matrikula ang klase sa pag-aaral sa Wikang Hapones. Kinakailangang samahan ng mga magulang ang kanilang anak na nasa mababang baitang o elementarya sa pagpasok.**
- ※ **Simula sa taon 2023,hindi lamang mga mag-aaral sa elementarya kundi pati na rin ang mga mag-aaral sa Jr. Highschool ay isasama sa Online na pag-aaral.Subali't bibigyan ng prayoridad ang mga mag-aaral sa elementarya na hindi masasamahan ng magulang .**

<Pag-aaral sa silid aralan>

Lugar	Silid aralan sa Toukai Shou Gakkou	Silid aralan sa Miyamae Shou Gakkou
Paraan ng Pagpunta	Subway o Chikatetsu 「Toukai doori」 500m nasa hilagang-kanluran	Subway o Chikatetsu 「Kami Iida」 700m nasa silangan 「Oozone」 1 500m nsa hilagang-kanluran
Araw at Oras ng Liksyon	Lunes ～ Biyernes ９：００ ～ １１：２０ ng umaga	
Nilalaman Ng Pag-aaral	Panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw na pananalita/pag-uusap, madali o payak na pagbasa at pagsulat) pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan ng pagkaklase at iba pa)	
At iba pa	Pulong sa umaga at iba pa.	

<Online na Pag-aaral>

Araw at Oras ng Liksyon	Lunes ～ Biyernes 8：5０ ～ 10：30 o kaya 10:40～１２：２５ ng tanghali
Nilalaman Ng Pag-aaral	Panimulang saligan ng pag-aaral sa Wikang Hapones (pang-araw-araw na pananalita/pag-uusap, madali o payak na pagbasa at pagsulat) pamumuhay sa loob ng paaralan sa Bansang Hapon (pamamaraan ng pagkaklase at iba pa)
At iba pa	Gagamit ng tablet terminal para sa pag-aaral.

◇◇◇◇ Ipinapakiusap na sumangguni sa guro ng paaralan ng inyong anak o sa 「Sentro ng Pagkonsulta o Pagsangguni ukol sa Edukasyon sa Wikang Hapones.」◇◇◇◇

「Sentro ng Pagkonsulta o Pagsangguni ukol sa Edukasyon sa Wikang Hapones.」

- ○ Araw at Oras na bukas ang tanggapan : Lunes～Biyernes 8:45 ～ 16:45
  (Maaaring tumugon sa mga wikang : Filipino, Portuguese, Chinese, Spanish, Hangul (Korean)) lamang.
  (Lunes～Biyernes 13:00 ～16:00) * Ang Wikang Hangul ay tuwing sa araw ng Miyerkules
- ○ Lugar: Nagoya Shi Kyoikukan 3palapag
- ○ Telepono : 052-961-0418 Fax: 052-961-0420